# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan ______________________________ Petsa _____________ Marka _______

## Pagtukoy sa Kaganapan ng Pandiwa

Kakayahan: Natutukoy ang kaganapan ng pandiwa sa pangungusap

Ang pandiwa ay nakalimbag na higit na maitim (**boldface**). Salungguhitan ang kaganapan ng pandiwa sa bawat pangungusap. Kung higit sa isa ang kaganapan ng pandiwa, pumili lang ng isang kaganapan. Isulat sa patlang ang uri ng kaganapan ng pandiwa. Pumili sa mga sumusunod: kaganapang tagaganap o aktor, layon, tagatanggap, kagamitan, sanhi, ganapan, o direksiyon.

_________________ 1. Ang mga Indones ay **gumawa** ng mga sandata yari sa makikinis na bato.

_________________ 2. **Nanirahan** sa itaas ng puno ang mga sinaunang Pilipino dahil magiging ligtas sila sa mga mababangis na hayop.

_________________ 3. Ang mga Malay ay **pumunta** sa ating kapuluan sa pamamagitan ng mga sasakyang pandagat.

_________________ 4. **Hinuli** ng mga mangingisda ang mga tilapia sa malaking ilog.

_________________ 5. Ang mga kalalakihan ay **nangangaso** para sa buong pamayanan.

_________________ 6. **Nagtayo** sila ng mga bahay sa malawak na katapagan.

_________________ 7. Ang mga sinaunang Pilipino ay **lumilipat** sa ibang lugar kapag wala na silang makuhang pagkain.

_________________ 8. **Nabubuhay** ang ating mga ninuno sa pamamagitan ng pangangaso at pagsasaka.

_________________ 9. Ang mga palayok at banga ay **nilagyan** ng sari-saring disenyo.

_________________ 10. Ang alipin ay **tumakas** sa piitan ng barangay.

© 2013 Pia Noche 